



Mga pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit bilang tugon sa COVID-19 simula Mayo 4

BRAMPTON, ON (Abril 29, 2020) –Para matiyak na ligtas na pinaglilingkuran ng Brampton Transit ang komunidad nito sa panahon ng COVID-19 emergency, babaguhin ang serbisyo ng bus ayon sa sumusunod hanggang sa karagdagang abiso, simula Lunes, Mayo 4.

Ang karagdagang serbisyo at dinagdagang dalas sa mga ruta sa ibaba ay muling sisimulan para makatulong sa pagsuporta sa pag-access sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan at mga lugar trabahuhan sa Brampton, at para mapahusay ang pag-access at mga koneksyon sa ibang mga serbisyo ng Brampton Transit. Gagawin ang pinakamahusay na mga pagsisikap para maipagpatuloy ang mga serbisyonang ito gamit ang mga resource na meron tayong.

- **511/511A Züm Steeles** –Weekday AM (6 AM hanggang 9 AM) at PM (3 PM hanggang 7 PM) Dinagdagan ang dalas sa mga pinaka-abalang oras mula bawat 20 minuto tungo sa bawat 10 minuto
- **7/7A Kennedy** –Weekday AM (6 AM hanggang 9 AM) at PM (3 PM hanggang 7 PM) Dinagdagan ang dalas sa mga pinaka-abalang oras tungo sa bawat 10 minuto
- **8 Centre** – Idinagdag ang serbisyo sa Sabado
- **14/14A Torbram** – Weekday AM (6 AM hanggang 9 AM) at PM (3 PM hanggang 7 PM) Dinagdagan ang dalas sa mga pinaka-abalang oras tungo sa bawat 10 minuto
- **18 Dixie** – Weekday AM (6 AM hanggang 9 AM) at PM (3 PM hanggang 7 PM) Dinagdagan ang dalas sa mga pinaka-abalang oras mula bawat 15 minuto tungo sa bawat 7 minuto
- **20/20A East Industrial** – 20A balik sa serbisyo mula Lunes hanggang Biyernes
- **29 Williams Parkway** – Serbisyo sa gitna ng araw (9 AM hanggang 3 PM) na idinagdag mula Lunes hanggang Sabado, walang serbisyo sa Linggo
- **31 McVean** – Serbisyo sa gitna ng araw (9 AM hanggang 3 PM) na idinagdag mula Lunes hanggang Sabado, walang serbisyo sa Linggo
- **51 Hereford** – Serbisyo sa gitna ng araw (9 AM hanggang 3 PM) na idinagdag mula Lunes hanggang Sabado, walang serbisyo sa Linggo
- **52 McMurchy** – Idinagdag na serbisyo sa Sabado at Linggo
- **60 Mississauga** –Serbisyo sa gitna ng araw (9 AM hanggang 3 PM) na idinagdag mula Lunes hanggang Biyernes

Ang mga Senior ID at Veteran card ay hindi iniisyu dahil sa COVID-19. Maaaring gamitin ng mga customer ang kanilang expired na mga card hanggang sa karagdagang abiso.

Bilang paalala, ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal ay sarado. Simula Mayo 4, ang mga oras sa gusali ng terminal sa Bramalea, Brampton Gateway at Downtown Terminals ay babaguhin mula 6 AM hanggang 9 PM.



Bisitahin ang www.bramptontransit.com para sa talaan ng mga rutang kasalukuyang nasa serbisyo at kanilang mga iskedyul.

Mga pangkaligtasang Hakbang sa COVID-19

Ang pinaigting na iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay ginagawa pa rin. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na mga surface, mga compartment at mga upuan ng operator kada 48 oras. Kasalukuyang sina-sanitize ang karamihan sa mga bus kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw o surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw. Hinihikayat ang mga sumasakay na magdala ng kanilang sariling personal na disinfectant kapag nagbibiyahe, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang kanilang mga kamay.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Tanggapan ng Brampton Emergency Management para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa regular na mga update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca